

Queensland Health

Pagpunta sa ospital

Isang gabay upang matulungan kang
makaramdam ng kaligtasan at suporta



Queensland
Government



Ang pagpunta sa ospital ay maaaring nakakapagod na panahon

Normal lang ang pagtatanong ng maraming katanungan

Ang bawat ospital ay iba, ngunit ang gabay na ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon na katulad sa lahat ng ospital sa Queensland. Ito ay nagbibigay ng gabay sa kung ano ang dapat gawin upang maging ligtas at komportable sa ospital. Kabilang sa gabay na ito ang:

- Paano makilahok sa iyong pangangalaga
- Paano maaaring makilahok ang pamilya, tagapag-alaga, at mahal sa buhay sa iyong pangangalaga
- Paano maging komportable sa pagtatanong
- Paano iparating ang alalahanin

Ang gabay na ito ay makukuha online. I-scan ang QR code o pumunta sa <https://www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after> para sa karagdagang impormasyon.

Paghahanda

Kung alam mong pupunta ka sa ospital, ipapaalam sa iyo ng iyong doktor o ibang miyembro ng hospital staff kung mayroon kang dapat gawin bago ka dumating. Maaaring kasama nito ang:

- pagbabago ng anumang kakainin at iinumun bago pumunta sa ospital
- pagpapagawa ng ilang pagsusuri
- pagkakaalam kung kailan darating at saan pupunta.

Malalaki ang mga ospital, kaya kung maaari, tingnan ang mapa ng ospital na pupuntahan mo upang alam mo kung saan ka pupunta. Matatagpuan mo ang impormasyon tungkol sa Queensland Health Hospital and Health Service sa <https://www.health.qld.gov.au/services>

Makikita mo rin ang ospital parking at impormasyon kung kailan ka pwedeng bisitahin. Minsan, maaari ka lang magkaroon ng bisita sa mga espesyal na pagkakataon, o kaunting bilang ng mga tao lamang ang maaaring bumisita sa iyo sa isang pagkakataon. Ito ay para sa kaligtasan mo at ibang pasyente at upang magkaroon ka ng sapat na pahinga.

1. Buksan ang iyong camera

2. I-scan ang QR code

3. I-click ang imahe



Anu-ano ang dadalhin

Mahalagang mag-impake ng mga bagay na ginagamit mo araw-araw sa bahay

Mga pangunahing bagay

- **Mga personal na pantulong** – salamin, pustiso, mga hearing aid, tungkod o walking frame, at mga kasangkapang pantulong sa komunikasyon kung ginagamit mo ang mga ito.
- **Lahat ng iyong gamot** - kasama ang mga bitamina, mineral at lotion, pamatak sa mata. Kung hindi ka sigurado, pinakamabuting dalhin ito. Magdala rin ng isang listahan ng lahat ng iyong dadalhin.
- **Mga dokumento para sa pagpasok na ito sa ospital** - mga report, surat, mga resulta ng pagsusuri at ang iyong Patient Travel Subsidy Scheme (kung karapat-dapat).
- **Ang iyong mga dokumento (ID) ng pagkakakilanlan** – Medicare card, Pension card, Department of Veterans Affairs (DVA) card, mga detalye ng pribadong health fund.
- **Isang kopya ng mga dokumento sa pagpapalano** – iyong Advance Care Plan, Advance Health Directive, at Enduring Power of Attorney kung mayroon ka ng mga ito.
- **Mga numero ng telepono** – ng iyong pinakamalapit na kamag-anak at iba pang mahahalagang tao.

Mga opsyonal na gamit

- Komportable, maluwag na damit (sapat para sa ilang gabi) Isang pangginaw sakaling ginawin ka at mga sapatos na hindi madulas.
- Lahat ng mga gamit sa toilet at produktong pangkalinisan, kabilang ang mga ear plugs at mask kung makatutulong sa iyo. May mga ilang pangunahing suplay ang mga ospital, ngunit ang pagdadala ng sarili mong gamit ay makakatulong upang maging mas komportable ka.
- Ang iyong phone charger.
- Mga bagay para sa iyong kaaliwan - mga aklat, magazine, iPad o laptop, headphones o earbuds (upang hindi mo maistorbo ang iyong kapitbahay).
- Para sa mga batang maglalagi sa hospital, magdala ng paboritong mga laruan, mga lampin, pangangailangan sa pagpapakain, at anumang espesyal na pangangailangan.
- Maliit na halaga ng pera o cards para sa kape at vending machines.

Walang gaanong espasyo sa ospital, kaya dalhin lamang ang mga bagay na talagang kinakailangan mo. Kung maaari, magpatulong sa isang kaibigan o kapamilya sa paglalaba ng iyong mga damit kung mananatili ka sa ospital nang higit sa ilang gabi.

Hindi ka maaaring manigarilyo sa mga ospital ng Queensland Health o sa loob ng 5 metro mula sa hangganan ng ospital. Makipag-usap sa iyong doktor o mga kawani ng ospital tungkol sa mga maaaring gawin upang matulungan kang malabanan ang pagnanasa, tulad ng mga pamalit sa nikotina. Para sa impormasyon kung paano tumigil sa paninigarilyo, tumawag sa Quitline sa 13 78 48 o bisitahin ang <https://www.quit.org.au>.

Iwan ang mga alahas, ibang mga mahahalagang bagay at malaking halaga ng pera sa bahay. Di natin masisigurado ang kaligtasan ng mga personal na bagay o mapalitan ito kung ito ay mawala.



Ano ang dapat naming malaman tungkol sa iyo

Sa iyong unang pagdating, mahalagang sabihin mo sa amin:

- ang iyong mga allergy o reaksiyon – sa mga gamot, tape o pagbibihis ng balat at pagkain.
- anumang nakahahawang sakit na nalantad ka
- kung dumadaan ka sa anumang uri ng gamutang dapat naming malaman (tulad ng chemotherapy)
- tungkol sa anumang paglalakbay sa ibang bansa na nangyari kamakailan
- kung ikaw ay isang victim-survivor ng karahasan sa tahanan
- anumang pangangailangang pang-espirituwal o pang-relihiyon
- kung kailangan mo ng tulong sa wikang Ingles o sa komunikasyon (kabilang ang pagkakaroon ng tagasalin – ang mga serbisyo ng interpreter ay libre)
- kung ikaw ay isang taong Aborihinal o isang Torres Strait Islander, at kung nais mong makipag-usap sa isang opisyal na tagapamagitan
- anumang espesyal na tulong na kailangan mo, kung mayroon kang kapansanan (at isang Julian's Key Health Passport na nais mong ibahagi sa amin), o anumang espesyal na pangangailangang kaugnay ng iyong kalusugan
- tungkol sa iyong Advance Health Directive, Advance Care Plan, o Enduring Power of Attorney kung mayroon ka ng mga ito
- kung mayroon kang tagapag-alaga o suportang manggagagawa
- kung sa tingin mo ay nagbago ang iyong numero ng telepono o address

Kung ikaw ay isang miyembro ng pamilya o tagapag-alaga, maaaring hilingin sa iyong sagutin ang ilang mga katanungan tungkol sa iyong mahal sa buhay.

Ipaalam sa kawani ng ospital kung sino ang gusto mong tawagan nila tungkol sa iyong pangangalaga, kasama ang emergency. Ito ay maaaring higit sa isang tao.

Kung mayroong sinuman na gusto mong makausap o hindi namin makausap tungkol sa iyong kalusugan - sineseryoso namin ang iyong privacy at pagiging kumpidensyal at kailangang sundin ang batas ng Australia.



Sa panahon ng iyong pananatili

Ang ward ng ospital ay iba sa kung saan ka nakatira. Ang mga kawani ng ospital ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa ward at kung ano ang dapat mong asahan. Kung may hindi ka alam, mangyaring magtanong.

Paano MAGING LIGTAS (BE SAFE)

Maaaring kailanganin mong gawin ang mga bagay nang iba habang ikaw ay nasa ospital.

Pagdating mo, bibigyan ka namin ng isang identification bracelet. Madalas kang tatanungin ng mga kawani kung sino ka (ang iyong pagkakakilanlan). Ito ay upang matiyak na ang tamang tao ang tumatanggap ng tamang paggamot.

Kung ikaw ay nagdaan sa isang operasyon, hindi maganda ang pakiramdam, o nagbago ng mga gamot, maaari kang magkaroon ng mas mataas na panganib ng pagkahulog. Ang pagkahulog ay maaaring mangyari sa sinuman sa ospital, ngunit ang impormasyon sa ibaba ay makakatulong upang mabawasan ang panganib.

Maaari mong basahin ang higit pa tungkol sa kaligtasan [dito](#).

MAGING LIGTAS (BE SAFE)

Buzzer	Alamin kung paano tawagan ang kawani ng ospital gamit ang buzzer. Humingi ng tulong at hintayin ang tulong.
Kapaligiran (Environment)	Maging pamilyar sa iyong silid, kabilang ang banyo, ilaw, at kasangkapan.
Sapatos (Shoes)	Magdala at magsuot ng mababang takong, hindi madulas na sapatos na tamang sukat.
Magtanong (Ask)	Para sa tulong, lalo na sa paghiga at pagbangon sa kama, pagsusuot ng iyong sapatos/tsinelas, paglalakad gamit ang mga pantulong sa paggalaw, at paggamit ng banyo.
Mga likido (Fluids)	Uminom ng maraming tubig, maliban kung limitado ang iyong pag-inom ng likido (ipaaalam ito sa iyo ng mga kawani).
Mag-aral (Educate)	Pag-aralan ang tungkol sa balanse, lakas at ehersisyo at kung kailangan mo ng tulong. Ipaalam sa hospital staff kung may problema ka sa iyong paningin o sa paglalakad.

Maging ligtas mula sa pinsalang dulot ng pamumuo ng dugo at presyur

- Ang blood clot ay isang namuong dugo na parang gel. Kapag ito ay nangyari sa isang daluyan ng dugo, maaari itong maging mapanganib. Ito ay maaaring mangyari kapag hindi ka makagalaw at makapagpalit ng posisyon nang normal.

Maaaring kailanganin mong magkaroon ng regular na iniksyon upang maiwasan ang pamumuo ng dugo.

- Maaaring hilingin ng isang pisyoterapista na gawin mo ang ilang ehersisyo upang matulungan ka sa paggalaw o paghinga.

Ang mga pinsala dahil sa presyur ay isang uri ng pinsala sa balat tulad ng mga ulser o mga sugat dahil sa matagal na pagkahiga. Ito ay maaaring mangyari kapag hindi ka makagalaw at makapagpalit ng posisyon nang normal.

- Sabihin mo sa amin kung dati kang nagkaroon ng pinsala dahil sa presyur.
- Sabihin sa iyong nars kaagad kung ang iyong balat ay nakakaramdam ng anumang init, sakit o paghihirap.
- Baguhin ang iyong posisyon nang madalas.
- Bumangon sa iyong kama at lumakad nang madalas nang ligtas (maliban kung binawalan ka).
- Uminom ng maraming tubig (maliban kung binawalan ka).
- Gumamit ng compression stockings at/o alternatibong mekanikal na mga aparato kung bibigyan ka nito.

Upang maiwasan ang impeksyon, maghugas ng iyong mga kamay nang madalas. Ito ay para maiwasan ang pagkalat ng sakit.





Ang iyong mga karapatan

Ang Australian Charter of Healthcare Rights ay para sa lahat. Ito ay naglalarawan kung ano ang maaaring asahan mo, o ng isang taong inaalagaan mo, kapag tumatanggap ng serbisyong pangkalusugan sa Australia. Kasama rito ang lahat ng mga ospital ng Queensland Health.

Access

- Mga serbisyong pangkalusugang pangangalaga at paggagamot na angkop sa iyong pangangailangan.

Kaligtasan

- Ligtas at mataas na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan na umaangkop sa pambansang pamantayan.
- Maalagaan sa isang ligtas na kapaligiran at padamahing ikaw ay ligtas.

Paggalang

- Tratuhan bilang isang indibidwal, na may dignidad at paggalang.
- Makilala at igalang ang iyong kultura, pagkakakilanlan, paniniwala, at mga pagpili.

Pakikipagsosyo

- Magtanong at makilahok sa bukas at tapat na komunikasyon.
- Gumawa ng mga desisyon kasama ang iyong tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan, ayon sa lawak na iyong pinili at kaya mong gawin.
- Isama ang mga taong nais mong makilahok sa pagpapalano at paggawa ng desisyon.

Impormasyon

- Malinaw na impormasyon tungkol sa iyong kondisyon, mga posibleng benepisyo at panganib ng mga kakaibang pagsusuri at paggagamot, upang makapagbigay ka ng pahintulot na may kaalaman.
- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo, panahon ng paghihintay at gastusin.
- Mabigyan ng tulong, kung kailan mo kailangan, upang tulungan kang maintindihan at magamit ang pangkalusugang impormasyon.
- Access sa iyong pangkalusugang impormasyon.
- Masabihan kung mayroon maling nangyari sa iyong pangangalagang pangkalusugan, paano ito nangyari, paano ito makakaapekto sa iyo at ano ang ginagawa upang maging ligtas ang pangangalaga sa iyo.

Pagiging pribado

- Igalang ang iyong personal na mga kahilingan at pag-iisa.
- Mapanatiling ligtas at kumpidensyal ang impormasyon tungkol sa iyo at iyong kalusugan.

Ano ang dapat gawin kung may bagay na hindi tama

Ipagbigay-alam agad sa mga kawani kung ikaw (o ang iyong mahal sa buhay):

- ay nakakaramdam ng sakit o hindi komportable
- ay nararamdamang lumalala ang kondisyon o nararamdamang 'mayroong hindi tama'
- may anumang alalahanin tungkol sa kalidad ng pangangalaga.



Huwag maghintay – ang pagkilos nang maaga ay magbibigay ng malaking pagkakaiba.



Ryan's Rule

Nauunawaan namin na ikaw at ang iyong mga tagapag-alaga ang mas higit nakakaalam sa iyo higit sa sinuman.

Kung mayroon kang alalahanin na lalong lumalala ang kondisyon ng iyong kalusugan at ikaw ay nag-aalala, mangyaring humingi ng tulong, Ang Ryan's Rule ang isang paraan ng paggawa nito.

Paano kumuha ng tulong gamit ang Ryan's Rule

Hakbang 1	Makipag-usap sa nars o doktor kung ang iyong kalusugan ay lumala at ikaw ay nag-aalala
Hakbang 2	Kung pagkatapos ng unang hakbang, ikaw ay nag-aalala pa rin, hilinging makipag-usap sa punong nars.
Hakbang 3	Pagkatapos gawin ang Hakbang 1 at Hakbang 2, hindi ka nasiyahan at hindi pa rin maganda ang iyong pakiramdam, tawagan ang 13HEALTH sa 13 43 25 84 at humiling ng Ryan's Rule Review.

Kung ikaw ay isang miyembro ng pamilya, mahal sa buhay o tagapangalaga, maaari ka ring humiling para sa Ryan's Rule sa ngalan ng iyong mahal sa buhay.

Sa oras na hiniling na ang Ryan's Rule, isang nars o doktor ang gagawa ng klinikal na pagsusuri ng pasyente at ang gamot nito.

Para sa karagdagang impormasyon sa Ryan's Rule, kasama ang mga isinaling mapagkukunan, bumisita sa <https://www.qld.gov.au/health/support/shared-decision-making/ryans-rule>

Pagbibigay ng puna

Maaari kang magbigay ng puna o magreklamo at ito'y hindi makakaapekto sa paraan ng paggamot sa iyo. Hinihikayat namin na ibahagi ninyo ang inyong karanasan upang mapagbuti namin ang kalidad ng mga serbisyong pangangalaga at pangkalusugan.

Ang pagbibigay ng puna ay hindi lamang para sa taong tumatanggap ng pangangalaga. Bilang tagapag-alaga ng pasyente, mahal sa buhay o miyembro ng pamilya, ang inyong mga alalahanin ay magkakasing importante sa amin.

Kapag umalis ka sa ospital, maaaring hilingin sa iyo na sagutin ang isang survey na tinatawag na 'patient reported experience measures survey' o PREMs. Ang survey na ito ay magtatanong tungkol sa pangangalagang natanggap mo at makakatulong sa amin upang malaman kung ano ang aming ginagawa nang maayos at kung ano ang maaaring mapabuti.

Upang magbigay ng papuri o maghain ng reklamo, mangyaring makipag-usap sa isang nars, doktor, o iba pang kawani, o bumisita sa <https://www.qld.gov.au/health/contacts/complaints>.

Higit na alamin ang tungkol sa mga karapatan ng pasyente sa pagbisita sa <https://www.safetyandquality.gov.au/publications-and-resources/resource-library/understanding-my-healthcare-rights-guide-consumers>



Makilahok—magtanong

Kapag ang mga kawani ay nag-uusap tungkol sa mahalagang impormasyon ng pangangalaga ng isang pasyente, ito ay tinatawag na klinikal na pagpapasa o pagpapasa ng pasyente. Ito ay maaaring mangyari sa simula o katapusan ng pagpapalit ng isang tauhan. Maaaring ibahagi ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong pangangalaga sa tabi ng kama.

- Huwag matakot magtanong tungkol sa pangangalagang natatangap mo.
- Ang iyong pamilya, tagapag-alaga o mahal mo sa buhay ay maaari din magtanong. Maaari nilang itanong:
 - Ano ang hitsura ng paggaling?
 - Gaano katagal hanggang makauwi kayo?
- Kung ang paggamot ay iminungkahi, maaaring gusto mong magtanong:
 - Ano ang mga opsyon ko sa paggagamot?
 - Meron bang mga panganib na dapat ko malaman?
- Kailangan ko ba talaga itong pagsusuri, gamutan at procedure?
- Ano ang mangyayari kung wala akong gagawin?
 - Saan ako maaaring kumuha ng karagdagang impormasyon o suporta?

Maaari kang magtanong tungkol sa anumang hindi mo sigurado.

Kung nais mo, maaaring kumuha ka ng isang taong magtatanong at magtataguyod para sa iyo.



Paglabas ng ospital

Habang nananatili ka sa ospital, kakausapin ka ng mga kawani ng ospital tungkol sa iyong mga plano paglabas sa ospital.

Kasama dito ang impormasyon tungkol sa:

- kapag malapit ka nang umuwi
- ano ang dapat mangyari bago ka umuwi
- anu-anong mga suporta at tulong ang maaaring kailangan mo sa bahay (tulad ng wheelchair at iba pang mga aparatong gamit sa pagkilos)
- anumang mga alalahaning mayroon ka
- pag-aasikaso sa transportasyon.

Bago lumabas ng ospital, maaaring bigyan ka ng:

- mga detalye para sa iyong kasunod na appointment
- isang medical certificate
- isang buod ng paglabas na may impormasyon tungkol sa kasalukuyang pananatili mo sa ospital
- mga gamot sa paglabas o mga reseta para sa bagong mga gamot o pagbabago ng mga gamot
- nakasulat na impormasyon upang matulungan ang kasalukuyang pangangalaga at anumang suportang komunidad na kakailanganin mo.

Maaaring makatulong na mayroon kang mga miyembro ng iyong pamilya at mga tagapag-alaga na kasama mo sa mga pag-uusap na mga ito, para nalalaman ng lahat ang mga susunod na hakbang.

Mangyaring i-tsek sa mga kawani ng ospital kung mayroon kang kasalukuyang mga alalahanin sa kalusugan o hindi gumagaling tulad ng dapat inaasahan paglabas mo ng ospital.

Kung may nararamdaman kang hindi tama o ikaw ay lumalala, bumalik sa Emergency Department o makipagkita agad sa iyong nakagawiang doktor.





Tulong sa paggawa ng mga desisyon

Kung ang pasyente ay nasa edad na 18 o higit pa, maaari silang tumanggap, tumanggi o baguhin ang kanilang pag-iisip tungkol sa anumang medikal na gamutan. Ito ay kung naiintindihan nila ang sinasabi ng doktor at may kakayahang gumawa ng makatwirang pagpili batay sa impormasyong ito.

Maliban sa mga agarang emerhensiya na nagbabanta sa buhay, kailangang kunin ng isang health practitioner ang informed consent ng pasyente para sa anumang medikal na paggamot na kanilang tatanggapin sa ospital. Minsan, ang pahintulot ay maaaring ibigay nang pasalita o ipinahiwatig, at minsan ay maaaring hilingin sa pasyente na pumirma ng isang form.

Ipinapalagay na ang bawat nasa hustong gulang ay may kakayahang gumawa ng lahat ng desisyon hanggang sa mapatunayang hindi. Ang responsibilidad ay nasa taong nagnanais na hamunin ang kakayahan ng isang taong gumawa ng desisyon upang patunayan na mayroon silang kapansanan sa kakayahan.

Ang Queensland Civil and Administrative Tribunal o Supreme Court ay maaaring gumawa ng pormal na pahayag o kapasiyahan tungkol sa kakayahan ng taong nasa hustong gulang. Maaari kang humingi ng payong ligal kung hindi ka sigurado tungkol sa kakayahan ng taong nasa hustong gulang.

Kapansanan sa kakayahan

Kung ang isang pasyente ay mayroong permanente o panandaliang kapansanan sa kakayahan, ibang tao ang kinakailangang gumawa ng ilang mga desisyon sa kanilang ngalan.

Ang kakayahan ng taong nasa hustong gulang na gumawa ng desisyon ay maaaring magbago. Maaaring depende ito sa kalikasan ng kapansanan, tipo ng desisyon, at kung mayroon silang ibang taong makasusuporta sa kanila.

Ang isang tao ay maaaring gumawa ng ilang desisyon sa pangkalusugang pangangalaga, tulad ng mga maliit na desisyon tungkol sa paglinis ng sugat. Maaaring hindi sila makagawa ng mga malalaking desisyon na mas komplikado at may mas malaking panganib.

Karamihan sa mga ospital ay mayroong Social worker o Advance Care Planning Facilitator na maaaring kumausap sa pasyente, kaniyang mahal sa buhay, pamilya, at mga tagapag-alaga kung kailangan nila ng tulong sa paggawa ng desisyon. Hilinging makipag-usap sa kanila anumang oras.



Kapalitan tagagawa ng mga desisyon

Ang kapalitan tagagawa ng desisyon ay maaaring gumawa ng mga desisyon para sa isang tao na hindi kayang gumawa ng mga ganoong desisyon para sa sarili niya. Halimbawa, ang Enduring Power of Attorney o Health Attorney. Kung ang isang tao ay mayroong Advance Health Directive, ang pangalan ng kapalitan tagagawa ng desisyon ay ililista sa dokumento. Ang pagkakaroon ng Advance Health Directive ay boluntaryo. Upang higit na maintindihan, bumisita sa [qld.gov.au](https://www.qld.gov.au) at hanapin ang ‘Paggawa ng desisyon para sa iba’.

Kung walang pormal na itinalagang tao upang gumawa ng mga desisyong pangkalusugan sa ngalan ng isang tao, maaari siyang bigyan ng isang Statutory Health Attorney. Ayon sa batas, ito ay ang unang magagamit at naaangkop sa kulturang tao mula sa mga sumusunod:

1. Isang asawa o de facto na partner (kung ang relasyon ay malapit at patuloy).
2. Isang taong responsable sa iyong pangunahing pangangalaga (ngunit hindi isang bayad na tagapag-alaga) na higit sa 18 taong gulang.
3. Isang taong malapit na kaibigan o kamag-anak (ngunit hindi bayarang tagapag-alaga) na higit sa edad na 18.
4. Kung walang angkop o magagamit, ang Public Guardian.

Mga pasyenteng wala pang 18 taong gulang

Karaniwan, ang magulang o tagapag-alaga ang nagbibigay ng pahintulot para sa mga paggamot sa ngalan ng isang bata o kabataang wala pang 18 taong gulang. Gayunpaman, ang mga kabataang may edad 16 pataas ay maaaring magbigay ng pahintulot para sa ilang desisyong pangkalusugan (at kahit mas bata pa kung maipakita nilang may kakayahan silang magbigay ng pahintulot sa paggamot). Ang ilang desisyon tungkol sa espesyal na mga medical procedures ay hindi maaaring pagpasyahan ng isang magulang o tagapag-alaga. Ang Hukuman ang dapat magpasya sa mga ito.

Karagdagang impormasyon sa kakayahan, pahintulot, kapalitan sa paggawa ng desisyon at Advanced Care Planning ay matatagpuan sa <https://www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after>



Queensland
Government